Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA 36 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 24 NOBYEMBRE 2008, IKA-9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN

Mga Dumalo:

Konsehal Agustin L. Cusi - Pansamantalang Tagapangulo
Konsehal Cesar T. Barlcos
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Larry V. Salazar - Pangulo, Liga ng mga Barangay

Absent :

Konsehal Angeles D. Bautista - Sick Leave
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento – Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

---

KAPASYAHAN BLG. 068
Taong 2008

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA AT KAANAK NG YUMAONG G. EFREN ADAN CASTILLO, SR., ISANG KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng isang minamahal sa buhay lalo pa't ng isang ama at haligi ng tahanan at tagapagtaguyod ng kanyang pamilya ay lubos na dinaramdam ng kanyang naiwan;

SAPAGKAT, ang yumaong si G. Efren A. Castillo, Sr. ay isang mabait at mapagpalang ama, isang butihing asawa at mapagmahal na kapatid sa kanyang pamilya;

SAPAGKAT, ang pagpanaw ni G. Castillo ay lubos na dinaramdam ng kanyang mga kasamahang kawani sa Pamahalaang Bayan ng Roxas na naging mga kapatid niya at kaanak sa loob ng mahabang panahon;

SAPAGKAT, ang pamimighati ng kanyang butihing kabiyak, anak at buong pamilya ay lubos na nararamdaman ng kanyang mga kasamahang kawani sa pamahalaang bayang ito na nakikiramay sa pagyao ng isang kasamahan at kaibigan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas at ang mga namumuno at ang mga kawani ay lubos na nakikiramay sa pagyao ng isang ama, isang kaibigan at isang lingkod-bayan.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat ng miyembro ng Sangguniang Bayan

IPINASIYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa pamilya at kaanak ng yumaong G. Efren A. Castillo, Sr. isang kawani ng pamahalaang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng namayapang G. Efren A. Castillo, Sr. lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay : 24 Nobyembre 2008

PINATUTUNAYANG WASTO:

TEOFILA F. FAINA
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

AGUSTIN L. CUSI
Pansamantalang Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pansamantalang Punong Bayan